THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 46 Sept. 26, 2022 - Oct. 02, 2022


WHAT'S INSIDE?


3 School Supplies Distribution ng Calapan City Government, Umaarangkada!


# Calapan City Night Market, re-launched!







BANDERITAS, mga pailaw, iba't ibang pagkain at inumin, musika mula sa mahuhusay n abanda, kwentuhan, sayawan, bonding at halakhakan ng taumbayan -- ito ang higit na nagbigay buhay at sigla sa mala-fiestang datingan ng isinagawang re-launching ng Calapan City Night Market sa lungsod na ngayon ay matatagpuan na sa J.P. Rizal Street.

Sa temang TAMAng Bonding sa Night Market! "Saya, Sigla at Liwanag…Arat na sa Masayang Panggabing Pamilihan!", umikot ang kinapapanabikang bagong Calapan City Night Market.

Tunay at hindi naman maikakaila na 'it has been a blast' dahil kitang kita sa mukha at reaksyon ng mga naroroon ang enjoyment sa muling pagbibigay sigla at buhay ng administrasyong Morillo-Ignacio sa naturang panggabing pamilihan.

Lalo pang nagbigay aliw sa mga naroroon nang game na game na naki-jam sa kantahan sina Vice Mayor Bim Ignacio at Konsehal Atty. Ricka Goco.

Ang naturang re-launching ay dahil sa pagnanais ng Ina ng lungsod na si Mayor Malou Flores-Morilla na muling bigyang saya, sigla at liwanag ang lungsod ng Calapan, gayundin ay upang tugunan ang hinaing ng mga vendors na naapektuhan ang kabuhayan dahil sa pandemya.

Nasa lampas 40 stalls ang nakiisa sa nasabing night market ng Calapan City na nag-offer sa taumbayan ng iba't-ibang pagkain gaya ng shawarma, siomai, fried noodles, iced coffee, samu't-saring ihaw-ihaw, palamig, popcorn, mga lutong ulam, japanese foods, goto, mami, lugaw at iba pa - na talaga namang naging patok at pinilahan ng taumbayan, mapa-anong edad man.

Bagamat unti-unting binubuhay muli ng city government sa pangunguna ni Mayor Malou ang mga ganitong kasiyahan at gawain, maigting na pagsunod pa din sa mga health protocols ang naging paalala ng Alkalde.

Makakaasa naman ang taumbayan na ito ay umpisa pa lamang ng katuparan ng naipangakong pagbabalik kasiyahan at sigla sa lungsod ng Calapan (Calapan City Information Office).












THE TAMARAO JOURNAL

RUEL T. LANDICHO
**PUBLISHER**

RAIA JENNIFER E. DELA PENA
**EDITOR IN CHIEF**

MARIA GLENDA LANDICHO
**OPERATIONS AND CIRCULATION MANAGER**

JACQUILOU LIRIO
ANTON VIKTOR LANDICHO
**STAFF WRITERS**

JORGE THOMAS BEATO
**LAY-OUT ARTIST / GRAPHIC DESIGN**

REYMUND AL USSAM
**LEGAL CONSULTANT**

THE TAMARAO JOURNAL IS A WEEKLY NEWSPAPER CIRCULATING IN THE PROVINCE OF ORIENTAL MINDORO, ISSUED EVERY WEDNESDAY. OFFICE: IBABA WEST, CALAPAN CITY, OR. MIN. CONTACT: 09175668361
EMAIL ADD: TAMARAOJOURNAL@GMAIL.COM

# Calapan City Gov't at Goryeong County, South Korea Governor Lee Nam-Cheol, may magandang balita sa mga Calapeño

NAGKAROON NG MAGANDANG RESULTA ang personal na pagkikita ng dalawang ehekutibo mula sa bansang South Korea at Pilipinas. Labis na nagagalak si Mayor Malou Flores-Morillo ng lungsod ng Calapan, Oriental Mindoro dahil sa magandang pag-uusap nila ng gobernadora ng Goryeong County, South Korea na si Hon. Lee Nam-Cheol.

Naganap ang pagpupulong ng dalawa sa Clark, Pampanga kung saan namagitan sina Besco Clark Philippines President and CEO – Chairman Yee Gon Im, Direktor ng Besco Clark Philippines na si Mr. Sung Bin Im, Director of Human Resources Development Service of Korea na si Yeong Hong Kim at Konsehal Atty. Jel Magsuci.

Work in progress at sinisiguro na lang ang mga detalye tungkol sa pagpapadala ng Calapan sa Goryeong, South Korea ng mga manggagawa para sa kanilang strawberry at melon farm. Dahil pinagkakatiwalaan ng mga ehekutibo ng South Korean government ang butihing Mayor ng Calapan, tiwala silang makapagde-deploy ang lungsod ng masisipag at mahuhusay na manggagawa para sa susunod na taon. Hinihintay na lamang ni Mayor Malou Morillo ang final proposal na ipapadala ni Governor Lee Nam-Cheol para sa agreement ng Calapan City at Goryeong County.

Naghihintay sa mga Calapeño ang trabahong may kinalaman sa pagha-harvest ng strawberry at melon sa lugar kung saan may temperaturang hindi bababa sa 15 degrees. May minimum wage na 9,620 korean won per hour (based on Korean labor law) at hindi lamang sila magtatrabaho kundi matututo din ng wikang Korean dahil sa language training, at mayroon ding skills training, kung saan tuturuan sila ng harvesting, sorting at packaging ng mga melon.

Lubos naman ang pasasalamat ni Mayor Malou Flores-Morillo sa naging pagbisita ni Governor Lee Nam-Cheol sa Pilipinas para lamang sa personal na pag-uusap na ito. Senyales ng isang mabuting pakikitungo at sinserong pagtutulungan ng dalawang magkabilang bayan.


Nagpapasalamat din ang Punong Lungsod ng Calapan sa lahat ng mga personalidad na nagsikap upang maisakatuparan ang makabuluhang pagsasamang ito para sa ikabubuti at ikauunlad ng mga Calapeño.












**For you commercial print needs!**
**Books, yearbooks, marketing collaterals**
**www.sinagprintingpress.com**
**sinagprinting@gmail.com / 09175668361**

# School Supplies Distribution ng Calapan City Government, Umaarangkada!



MATAPOS MAILUNSAD sa Lalud Elementary School, ay nagpapatuloy ang pag-arangkada ng 'TAMAng School Supplies Para sa mga Chikitings', na naglalayong mabigyang-ayuda ang mga kabataang mag-aaral sa mga Pampublikong Paaralan sa buong Lungsod ng Calapan.

Setyembre 28, 2022, sa Camilmil Central School ay pinangunahan ni City Mayor Malou Flores-Morillo ang pamamahagi ng school bags at school supplies sa 705 na estudyante (Kinder hanggang Grade 6).

Naging katuwang din sa nasabing gawain sina City Councilor Atty. Ricka Goco, City Education Officer Ms. Myriam Lorraine Olalia, Community Affairs Officer Mr. Avelino Tejada at Mr. Mark Lester Casapao, Program Specialist mula sa DepEd Calapan City Division.

Sa mensahe ni Mayor Malou ay kanyang ipinaabot pasasalamat sa pamunuan ng paaralan gayundin sa mga residente ng Barangay Camimil na sumuporta sa kanyang kandidatura. Aniya pa, ang programang ito ay katuparan ng kaniyang ipinangako na ang lahat ng bata sa mga Pampublikong Paaralan ay makakatanggap ng school supplies.

Bilang kinatawan ng buong teaching staff ng Camilmil Central School at mga magulang ng mga batang nagsisipag-aral dito ay walang hanggang pasasalamat ang ipinaabot ni Principal Adeline Francisco kay Mayor Malou at sa lahat ng kabahagi sa programa sa biyayang kanilang natanggap.

Kinilala din ni Camilmil Barangay Captain Redemsy Frayre ang inisyatibang ito ni Mayor Malou na aniya'y nasa tatlong taon nang ginagawa sa kanilang barangay.

Matapos sa Camilmil Elementary School ay pinangunahan din ni Mayor Morillo ang school supplies distribution sa Sta. Isabel Elementary School na kung saan ay malugod silang tinanggap ng pamunuan ng paaralan sa pamumuno ni School Principal Ms. Rowena Mañibo. Dito ay may 481 na mag-aaral ang nabinipusyuhan ng programa.

Samantalang sa Tawagan Elementary School ay may 141 na mga bata ang natuwa sa mga kagamitan na kanilang natanggap. Pasasalamat din ipinaabot ng pamunuan ng Tawagan Elementary School sa pamamagitan ng kanilang Principal na si Ms. Teodora Balahadia.

Ilan pang Elementary Schools sa District 6 na kinabibilangan ng Malamig, Baruyan, Sta. Rita at Canubing I at sa District 7 tulad ng Elementary Schools ng Balingayan, Biga, Felimon Samaco, Patas, Personas at Canubing I ang nakatanggap din ng kahalintulad na ayuda mula sa City Government of Calapan.

Ang implimentasyon ng nasabing programa ay pinapangasiwaan ng 'Serbisyong TAMA Center sa pamumuno ni Mr. Robin Clement Villas.









THE TAMARAO JOURNAL

VOLUME I No. 46 Sept. 26, 2022 - Oct. 02, 2022

MSP GAS
RETAILING STATION
Gasolina at Krudo,
Sigurado at Garantisado

BARANGAY GULOD,
CALAPAN CITY, OR. MINDORO
CONTACT: 09295453013

# *Happy 1st Founding Anniversary LILAC Calapan!*

ISANG TAON na magmula ng aming inilunsad at ipinakilala ang bagong organisasyong lilingap, magbubuklod at aagapay sa lahat ng LGBTQIA+ sa lungsod ng Calapan.

Ang LILAC o LIngkod LGBTQIA+ Association of Calapan City ang bagong mukha ng pagkakapantay-pantay, pagmamahal, at pagkakaisa. Layunin nitong magbigay ng mga makabuluhang programa, masasaya ngunit produktibong aktibidades at iba pang adbokasiya na makakatulong hindi lamang sa hanay ng LGBTQ+ ngunit maging sa iba pa nating mga kababayan.

Binuo din ang organisasyong ito upang baguhin ang stereotyping sa mga kapatid nating nasa LGBTQ+ community. Mas mapataas pa ang kanilang moral at self-confidence; magkaroon ng maituturing nilang pangalawang pamilya at mapag-usapan ang iba't-ibang negatibong isyu kagaya ng 'bullying', 'hate crimes' at diskriminasyon.
Aniya ng mensahe ni Mayor Morilla-Flores sa nasabing organisasyon, "Aking binabati ang samahang sumama at sumusuporta sa akin. Ang mga tao sa likod nito na nagtiwala sa aking kakayahan at nakiisa sa aking mga ipinaglalaban. Hindi man Ninyo ako nakapiling ngayong araw sa inyong selebrasyon, laman naman kayo ng aking puso at ipinaaabot ko ang aking suporta, pagmamahal at pasasalamat sa inyong lahat."







*Ilan sa mga dumalo sa ika unang anibersaryo ng organisasyon na LILAC o LIngkod LGBTQIA+ Association of Calapan City. Congratulations sa LILAC!*